# MAHAHALAGANG MGA PAYO PARA SA SEGURIDAD SA CYBER

## MGA PRAKTIKAL NA PARAAN UPANG MAPROTEKTAHAN ANG IYONG SARILI SA ONLINE

**cyber**.gov.au/learn




### I-update ang iyong mga app at mga gadyet

Ang pag-update sa iyong mga app at mga gadyet ay maaaring makalutas sa mga isyu at matutugunan ang mga bagong pag-aalala sa seguridad o mga kahinaan na maaaring magamit ng mga hacker upang ma-access ang iyong mga gadyet o mga account. Maaari ring magdagdag ang mga ito ng mga bagong katangian (features).





### Paganahin ang multi-factor authentication (MFA)

Nangangahulugan ang MFA ng pagkakaroon ng mahigit sa isang pag-tsek upang mapatunayan ang iyong pagkakakilanlan sa isang account. Halimbawa, maaaring mangangailangan ka ng isang code mula sa isang text message at ang iyong passphrase. Ginagawa nitong mas mahirap para sa mga cybercriminal na ma-access ang iyong mga account.




### I-set up at magsagawa ng regular na mga backup

Ang backup ay isang digital na kopya ng iyong pinakamahalagang impormasyon na nasa isang external storage devide o isang server sa internet na gaya ng cloud. Nangangahulugan ito na maaari mong ibalik ang iyong mga file kung may masamang mangyari.




### I-set up ang mga may seguridad na passphrase

Kung walang magagamit na MFA, gumamit ng isang passphrase upang lagyan ng seguridad ang iyong account. Ang passphrase ay isang matibay na uri ng password na gumagamit ng apat o higit pang mga random na salita. Ginagawa nitong mahirap para sa mga cybercriminal na hulaan ngunit madali para sa iyo na tandaan.



### Kilalanin at isumbong ang mga scam

Ang mga kriminal ay madalas na gumamit ng email, SMS, mga tawag sa telepono at social media upang manloko ng mga tao.

Karaniwan nilang ginagawa ito sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa iyo at magpapanggap na isang indibidwal o organisasyon na kilala at mapagtitiwalaan mo. Laging maging alerto kapag nagki-click sa mga attachment o mga link sa mga email o mensahe.



### Pabutihin ang iyong seguridad sa cyber sa pamamagitan ng...

- Pag-isipan ang ibinabahagi mo sa online.
- Magpalista sa aming libreng serbisyo ng pag-alerto upang makatanggap ng mga alerto tungkol sa mga bagong banta.
- Pakikipag-usap tungkol sa seguridad sa cyber sa iyong mga pamilya at mga kaibigan.
- Pag-iwas sa pampublikong Wi-Fi kapag ikaw ay nagbabangko o bumibili sa online.
- Pagsumbong sa mga pag-atake at insidenteng cyber upang mapanatiling ligtas ang Australya.

Dagdagan ang kaalaman sa **cyber.gov.au**/**learn**

**Isumbong ang mga insidenteng pangseguridad sa cyber:**

cyber.gov.au | 1300 CYBER1 (1300 292 371)

Itong numero ay magagamit lamang sa loob ng Australya.


Australian Government
Australian Signals Directorate

ASD AUSTRALIAN SIGNALS DIRECTORATE
ACSC Australian Cyber Security Centre


Mayroon ka bang mga puna sa produktong ito? Magpunta sa **cyber.gov.au** at ipaalam sa amin.